# *Maghintay sa Diyos, Huwag Gawin ang Iyong Pansarili*

***“1 Aking hinintay na may pagtitiis ang Panginoon; at siya'y kumiling sa akin, at dininig ang aking daing.2 Isinampa naman niya ako mula sa isang kakilakilabot na balon, mula sa balahong malagkit; at itinuntong niya ang aking mga paa sa isang malaking bato, at itinatag ang aking mga paglakad.3 At siya'y naglagay ng bagong awit sa aking bibig, sa makatuwid baga'y pagpuri sa aming Dios: marami ang mangakakakita at mangatatakot, at magsisitiwala sa Panginoon.4 Mapalad ang tao na ginagawang kaniyang tiwala ang Panginoon, at hindi iginagalang ang palalo, ni ang mga naliligaw man sa pagsunod sa mga kabulaanan.5 Marami, Oh Panginoon kong Dios, ang mga kagilagilalas na mga gawa na iyong ginawa, at ang iyong mga pagiisip sa amin: hindi malalagay na maayos sa harap mo; kung ako'y magpapahayag at sasalitain ko sila, sila'y higit kay sa mabibilang.6 Hain at handog ay hindi mo kinaluluguran; ang aking pakinig ay iyong binuksan: handog na susunugin, at handog tungkol sa kasalanan ay hindi mo hiningi.7 Nang magkagayo'y sinabi ko: Narito, dumating ako; sa balumbon ng aklat ay nakasulat tungkol sa akin:8 Aking kinalulugurang sundin ang iyong kalooban, Oh Dios ko; Oo, ang iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso.9 Ako'y nagpahayag ng mabuting balita ng katuwiran sa dakilang kapisanan; narito, hindi ko pipigilin ang aking mga labi, Oh Panginoon, iyong nalalaman.10Hindi ko ikinubli ang iyong katuwiran sa loob ng aking puso; aking ibinalita ang iyong pagtatapat, at ang iyong pagliligtas: hindi ko inilihim ang iyong kagandahang-loob at ang iyong katotohanan sa dakilang kapisanan.11 Huwag mong pigilin sa akin ang iyong mga malumanay na kaawaan, Oh Panginoon: panatilihin mong lagi sa akin ang iyong kagandahang-loob at ang iyong katotohanan.12 Sapagka't kinulong ako ng walang bilang na kasamaan. Ang mga kasamaan ko ay umabot sa akin, na anopa't hindi ako makatingin; sila'y higit kay sa mga buhok ng aking ulo, at ang aking puso ay nagpalata sa akin.13 Kalugdan mo nawa, Oh Panginoon, na iligtas ako: Ikaw ay magmadaling tulungan mo ako, Oh Panginoon.14 Sila'y mangapahiya nawa at mangatulig na magkakasama na nagsisiusig ng aking kaluluwa upang ipahamak: Sila nawa'y mangapaurong at mangadala sa kasiraang puri na nangalulugod sa aking kapahamakan.15 Mangapahamak nawa sila dahil sa kanilang kahihiyan na nangagsasabi sa akin, Aha, aha.16 Mangagalak at mangatuwa nawa sa iyo ang lahat na nagsisihanap sa iyo: yaong nangagiibig ng iyong kaligtasan ay mangagsabi nawang palagi, Ang Panginoon ay dakilain.17 Nguni't ako'y dukha at mapagkailangan; Gayon ma'y inalaala ako ng Panginoon: Ikaw ang aking saklolo at aking tagapagligtas; huwag kang magluwat, Oh Dios ko.” (Awit 40:1-17)***

Ang kahirapan at ang mga pagsubok sa buhay ay isang bagay na ayaw pagdaanan ng mga tao. Kung tayo ay nasa kalagitnaan ng parehong mga pagsubok na maaring pagdaanan ng mga tao, natutukso tayong takasan o lampasan ang landas na inilagay ng Diyos sa harap natin. Ang mga pagsubok ay maraming uri, at maaring ito ay tungkol sa pananalapi, buhay pamilya, karamdaman, tungkol sa ating trabaho sa mga anak, relasyon, ang mga taong naninibugho sa atin, pag-uusig at iba pa. Ngunit anumang pagsubok na ating nararanasan, hindi natin maaring gawin ang sarili nating paraan at pamamaraan upang mapagtagumpayan. Nais ng Diyos sa atin na unahin natin Siya at malampasan ang mga pagsubok sa paraang inilagay Niya sa ating harapan upang maisakatuparan ang Kanyang layunin. Ang ating Diyos ay matuwid at hindi nating maaring pagduduhan ang Kanyang mga paraan. Sa halip ay kailangan nating malaman at maunawaan ang Kanyang perpektong plano para sa atin. Sa bawat pagsubok ay may layunin at dahilan ang Diyos kung bakit Niya ikaw at ako ay dumaan sa ganoong sitwasyon. Kaya para matuto tayo sa anumang suliranin o kalagayang kinalalagyan natin, nais ng Diyos na kumilos tayo nang naangkop at sundin ang Kanyang Salita at unahin ang Kanyang iniuutos bilang pangunahing prioridad. Upang malampasan ang mga pagsubok, dapat nating kilalanin ang Diyos sa mga sumusunod na aspeto:

***1. Upang magtiis: “1 Aking hinintay na may pagtitiis ang Panginoon; at siya'y kumiling sa akin, at dininig ang aking daing.” (Awit 40:1)*** Ang panahon ng Diyos at ang ating panahonay magkaiba. Para sa atin maaring ito ay huli na ngunit para sa Diyos mayroon pa ring panahon. Ang ilang mga kahilingang panalangin ay nangangailangn ng panahon hanggang makatanggap tayo ng sagot sa Diyos. * Alalahanin na ang Diyos ay nagtakda ng panahon sa alinman sa iyong kahilingan sa Kanya, at ang kailangan mong gawin ay maghintay sa Diyos na may pagtitiis, at gagawin Niya iyon at ilalabas ka Niya sa kakila-kilabot na hukay, at mula sa balahong malagkit. Alam ng Diyos ang balahong putik na kinaroroan mo at darating upang iligtas ka sa kanyang panahon at hindi siya mahuhuli.

***2. Iwasan ang mga pagpapasya o bahagyang mga solusyon:*** Sa panahon ng pagsubok kung susubukan natin gawin ang ating pansariling solusyon maari tayong magtagumpay ngunit pansamantala lamang. Maari tayong maibsan ngunit hindi ganap na gumaling o napalaya. Sa paglipas ng panahon dahil ang solusyon ay hindi sa pinagmulan at pamamaraan ng Diyos malalaman natin ang problema ay umuulit, bumabalik at mas malala pa. Alam ng Diyos ang ating kakulangan ng ginhawa at paghihirap at ito ay mas mabuting maghintay sa Diyos para sa pagpapasya kaysa mapagod tayo sa paggawa ng pagpapasya. Kapag tayo’y naghihintay sa Diyos aalisin Niya tayo sa balahong malagkit at itatayo tayo sa isang bato, kung gagawin natin ang pansarili sa gayon mula sa

balahong malagkit ay babalik sa balahong malagkit. Si Haring David ay naghintay sa Diyos upang paginhawain Siya at sa wakas ay tinulungan siya ng Diyos ng Panginoon upang tumayo sa matatag na lupa. ***"1 Aking hinintay na may pagtitiis ang Panginoon; at siya'y kumiling sa akin, at dininig ang aking daing.2 Isinampa naman niya ako mula sa isang kakilakilabot na balon, mula sa balahong malagkit; at itinuntong niya ang aking mga paa sa isang malaking bato, at itinatag ang aking mga paglakad." (Awit 40:1-2)*** ***Ang bato*** ay si Cristo , at upang ituntong ang ating paa sa bato ibig sabihin ay tumayo sa kanyang plano, mga paraan at probisyon.

***3. Iwasan matukso ng iba sa paggawa ng maling mga bagay: "7 Ikaw ay magpahinga sa Panginoon, at maghintay kang may pagtitiis sa kaniya: huwag kang mabalisa ng dahil sa kaniya na gumiginhawa sa kaniyang lakad, dahil sa lalake na nagpapangyari ng mga masamang katha." (Awit 37:7) "1 Huwag kang mabalisa dahil sa mga manggagawa ng kasamaan, ni managhili ka man sa kanila na nagsisigawa ng kalikuan.2 Sapagka't sila'y madaling puputuling gaya ng damo, at matutuyong gaya ng sariwang damo." (Awit 37:1-2)*** Ang pandaraya, pagnanakaw, pagsisinungaling, paggawa ng panloloko upang malutas ang iyong mga suliranin ay hindi gagana ngunit mas hihilahin ka sa balahong malagkit at maputik at magpapalubha sa iyong pagsubok. Huwag nating tularan ang iba at gumawa ng mali; ito ay hindi makakatulong at sa huli ay masasaktan tayo. Kaya ang pinaka mahusay na paraas upang sundin ay ang sinasabi ng Salita ng Diyos at ang paraan ng Diyos na idinedikta sa atin.

***4. Hayaan subukin ng Diyos ang iyong pananampalataya: "2 Mga kapatid ko, ariin ninyong buong kagalakan, kung kayo'y mangahulog sa sarisaring tukso;3 Yamang nalalaman na ang pagsubok sa inyong pananampalataya ay gumagawa ng pagtitiis. At inyong pabayaan na ang pagtitiis ay magkaroon ng sakdal na gawa, upang kayo'y maging sakdal at ganap, na walang anoman kakulangan." (Santiago 40:4)*** Sinusubok ng Diyos ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng mga pasubok; hindi upang saktan tayo o ibaba tayo kundi upang para tayo ay lumago. Ang ating pagtitiis sa panahon ng mga pagsubok at paglilitis ay nagdudulot ng kaganapan sa ating pananampalataya at kaganapan sa ating buhay.

***5. Kailangan nating magtiwala sa Diyos ng mas higit khit na tila imposible: "4 Mapalad ang tao na ginagawang kaniyang tiwala ang Panginoon, at hindi iginagalang ang palalo, ni ang mga naliligaw man sa pagsunod sa mga kabulaanan." (Awit 40:4)*** Kaya ng Diyos at masasaksihan mo kung paanong ikaw ay ililigtas Niya mula sa mga kaguluhan at kung paano ka Niya aalisin sa putik at makakatayo sa bato. Walang impossible sa Diyos.

***6. Maghatid ng mas magandang patotoo: "3 At siya'y naglagay ng bagong awit sa aking bibig, sa makatuwid baga'y pagpuri sa aming Dios: marami ang mangakakakita at mangatatakot, at magsisitiwala sa Panginoon." (Awit 40:3)*** Habang tayo'y naghihintay sa Diyos upang lutasin ang ating mga suliranin ang Panginoon ay maghahatid ng solusyon sa isang himala na marami ang maantig at magtitiwala sa Panginoon, tulad ng sinabi ni David, ***"marami ang makakakita nito, at matatakot, at magtitiwala sa PANGINOON,"*** at iyon ang isang dahilan kung bakit kailangan naging maghintay sa Diyos sa mga pagsubok.

***7. Ipahayag ang kapangyarihan ng Diyos:*** Ang mga pagsubok ay malinaw na ipinapakita sa atin na walang tayong sariling kapangyarihan. Ang mga pagsubok ay nagtuturo sa atin na umasa sa Diyos upang gumawa ng himala, at kailangan nating lubos na magtiwala sa Kanya.

***8. Maging maasahin sa mabut, tapat at magpasalamat: "5 Marami, Oh Panginoon kong Dios, ang mga kagilagilalas na mga gawa na iyong ginawa, at ang iyong mga pagiisip sa amin: hindi malalagay na maayos sa harap mo; kung ako'y magpapahayag at sasalitain ko sila, sila'y higit kay sa mabibilang." (Awit 40:5)*** Huwag tayong magreklamo, huwag nating tingnan ang mga negatibong bagay na nangyayari sa palibot natin at huwag tayong matakot habang tayo ay nasa mga pagsubok, kundi bilangin natin ang mga pagpapala na ibinibigay ng Diyos sa atin at magbigay pasalamat sa Kanya at magpuri para doon at italaga ang ating sarili upang maglingkod sa Kanya.

***9. Tuparin ang Salita ng Diyos;*** Sa mga pagsubok at paghihirap tayo ay tinawag upang tuparin ang Banal na Kasulatan gaya ng ginawa ni Jesus sa krus. Sa bersekulo 6-8 ay ang hula na tinupad ni Jesus nang Siya ay namatay sa krus: ***"6 Hain at handog ay hindi mo kinaluluguran; ang aking pakinig ay iyong binuksan: handog na susunugin, at handog tungkol sa kasalanan ay hindi mo hiningi.7 Nang magkagayo'y sinabi ko: Narito, dumating ako; sa balumbon ng aklat ay nakasulat tungkol sa akin:8Aking kinalulugurang sundin ang iyong kalooban, Oh Dios ko; Oo, ang iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso." (Awit 40:6-8)*** Ang mga pagsubok ay ipinakilala sa atin ang mga batas, alintuntunin, at mga kinakailangan ng Diyos. Habang tayo'y tumatalima sa kautusan ng Diyos patuloy na ginagawa ang Kanyang kalooban kinikilala natin na tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako sa atin. Ang mga kahiraan at mga pagsubok ay hindi dahilan para sa atin na huwag lubos na sumunod sa Salita ng Diyos at sundin ang Kanyang mga iniuutos. Maraming mga tao kapag nahaharap sila sa mga kaguluhan Ang kanilang pangako kay Cristo ay nababawasan, ngunit hindi dapat maging ganoon ang sa atin; Hinihintay tayo ng Diyos upang ipakita ang parehong antas ng pangako at dedikasyon sa

Kanya at sa ating mga paglilingkod kahit sa panahon ng mga kaguluhan. Ang ating Panginoong Tagapaggligtas na si JesuCristo noong ipinako nila Siya para sa ating mga kasalanan, Siya ay nagdusa ngunit Siya ay nagtiyaga at Kanyang tinupa aang Kanyang pangako sa Diyos. Siya ay nagdusa at namatay sa krus para sa ating mga kasalanan, Siya ay inilibing ngunit binuhay Siya ng Diyos mula sa mga patay sa ikatlong araw upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan sa mga mananampalatay sa Kanya at sumusunod sa Kanyang mga paraan sa kanilang buhay. Si Cristo kahit sa krus ay tinupad ang Kasulatan at hindi pinabayaan ang Kanyang mga pananagutan patungo sa Diyos, tungo sa Kanyang ina na nasa ilalim ng krus, at sa kanyang mga alagad. Alalahanin din kapag ikaw ay may pagnanais na gawin ang kalooban ng Diyos, tutulungan ka Niyang gawin ito at magtiyaga sa ilalim ng pagsubok.

***10. Ibahagi ang mensahe ng Diyos. "9 Ako'y nagpahayag ng mabuting balita ng katuwiran sa dakilang kapisanan; narito, hindi ko pipigilin ang aking mga labi, Oh Panginoon, iyong nalalaman.10 Hindi ko ikinubli ang iyong katuwiran sa loob ng aking puso; aking ibinalita ang iyong pagtatapat, at ang iyong pagliligtas: hindi ko inilihim ang iyong kagandahang-loob at ang iyong katotohanan sa dakilang kapisanan." (Awit 40:9-10)*** Nais ng Diyos sa atin kahit sa panahon ng ating kaguluhan ay salitain sa iba ang ang tungkol sa Kanyang kadakilaan. Nais ng Diyos sa atin magebanghelyo tayo kahit na tayo ay nasa mga pagsubok. Huwag sabihin ang tungkol sa iyong mga suliranin kundi sabihin ang tungkol sa Kanyang kapangyarihan at kadakilaan upang iligtas tayo upang magligtas. Ito ay isang pagpapahayag ng iyong katapatan sa Kanya at ang iyong pagtitiwala at pananampalataya sa Kanyang kapangyarihan, biyaya, awa at pagibig. Kapag tayo'y dumaraan sa mga pagsubok ngunit patuloy namumuhay sa kabanalan ay ipinangangaral natin ang Salita ng Diyos. At ang mensahe ng Diyos ay makiaw na ibinibigay sa mga taong nakapalibot sa atin at nagiging mas epektibo sa ating mga kakilala dahil ang ating tunay na pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos ay naipapakita at ang kapangyarihan ng Diyos at katapatan ay nahahayag.

***11. Ipakita ang awa at biyaya ng Diyos: "11 Huwag mong pigilin sa akin ang iyong mga malumanay na kaawaan, Oh Panginoon: panatilihin mong lagi sa akin ang iyong kagandahang-loob at ang iyong katotohanan." (Awit 40:11)*** Kapag tayo ay dumaraan sa mga pagsubok kailangan nating manalangin at mararanasan natin ang biyaya ng Diyos sa isang mas malalim paraan. At habang ating nakikita at ang mga taong nasa palibot natin ay makikita kung paanong tinutustusan at ibinibigay ng Diyos ang para sa atin, Manalangin at umiyak sa Diyos upang iligtas ka. ***"13 Kalugdan mo nawa, Oh Panginoon, na iligtas ako: Ikaw ay magmadaling tulungan mo ako, Oh Panginoon." (Awit 40:11-13)*** Tayo ay umiyak sa Diyos upang iligtas tayo, upang ipakita sa aton ang awa t at upang panatihin tayo.

***12. Bumalik sa Diyos sa pagsisisi:*** Totoo na ang mga kaguluhan na walang bilang ay gagawing miserable ang ating buhay ngunit isang bagay na hindi dapat nating kalimutan, ang ating mga kasalanan ay isa pang dahilan ng ating pagdurusa: ***"12 Sapagka't kinulong ako ng walang bilang na kasamaan. Ang mga kasamaan ko ay umabot sa akin, na anopa't hindi ako makatingin; sila'y higit kay sa mga buhok ng aking ulo, at ang aking puso ay nagpalata sa akin." (Awit 40:12)*** Ang pagsubok at panahon ng paglilitis ay isang pagkakataon upang magsisi at bumalik sa Diyos. Ipinahintulot ng Panginoon ang mga pagsubok sa ating buhay upang para sa atin ay maging malinis sa ating mga kasalanan. May mga pagkakataon kapag ang mga tao ay nasa kaginhawaan ay inaabuso nila ang biyaya ng Diyos. Kaya madalas kapag ang isang tao ay dumadaan sa isang partikular na pagsubok ito ay nagdudulot ng pagsisisi sa puso. Ang mabuting pag-uugali ay ipakumbaba ating sarili sa harapan ng Diyos at magtapat at magsisi sa ating mga kasalanan bago natin asahan na diringgin ng Diyos ang ating paghingi ng tulong.

***13. Hayaang gapiin ka ng Diyos: "14 Sila'y mangapahiya nawa at mangatulig na magkakasama na nagsisiusig ng aking kaluluwa upang ipahamak: Sila nawa'y mangapaurong at mangadala sa kasiraang puri na nangalulugod sa aking kapahamakan.15 Mangapahamak nawa sila dahil sa kanilang kahihiyan na nangagsasabi sa akin, Aha, aha." (Awit 40:14-15)*** Kapag tayo'y nagtiis kasama ng Diyos at maghintay sa Kanya upang lutasin ang ating mga suliranin sa Kanyang paraan at pamamaraan, sa gayon tayo ay magagantimpalaan. Ang Panginoon ay hindi lamang darating na may dalang solusyon, kundi bilang ating tagapagtanggol. Bukod pa rito, Hahawakan at haharapin Niya ang ating mga kaaway at pamamahalaan sila sa paraang lubos tayong makakalaya mula sa kanila.

***14. Maakit sa mga taong matuwid: "16 Mangagalak at mangatuwa nawa sa iyo ang lahat na nagsisihanap sa iyo: yaong nangagiibig ng iyong kaligtasan ay mangagsabi nawang palagi, Ang Panginoon ay dakilain." (Awit 40:16)*** Kailangan nating maghintay sa Diyos at umasa sa Kanya upang lutasin ang ating mga suliranin, dahil ang mga suliranin at pagsubok na ipinahintulot ng Diyos sa ating buhay ang layunin ng mga ito ay aalisin ng Diyos sa atin ang masasamang tao na hindi natin namamalayan. Ang Panginoon sa Kanyang perpektong panahon ay hindi lamang aalisin tayo mula sa ating mga suliranin kundi ilalayo Niya din tayo sa masasamang tao at dadalhin tayo sa Kanyang matuwid, -sa Kanyang simbahan, na nagbubunyi sa kaligtasan ng Panginoon.

***15. Patuloy na umiyak sa Diyos at maging matapang sa pananalangin: "17 Nguni't ako'y dukha at mapagkailangan; Gayon ma'y inalaala ako ng Panginoon: Ikaw ang aking saklolo at aking tagapagligtas; huwag kang magluwat, Oh Dios ko." (Awit 40:17)*** Magsumamo sa Diyos para sa habag; hilingin sa Diyos upang iligtas ka mula sa mga umaapi sa iyo at sa mga naghahangad ng iyong kapahamakan. Hilingin sa Diyos na kaawaaan ka para sa Kanyang pangalan upang maluwalhati sa lahat ng Kanyang nilikha. Ang buhay panalangin ng maraming tao, ang pagluhod sa paanan ni Jesus at ang pag-aayuno ay nabubuo sa panahon ng pagdurusa at pagsubok. Kung kaya't hindi mo dapat hintayin na ilagay ka ng Diyos sa ganoong sitwasyon bago mo gawin SIYA bilang iyong pangunahing priyoridad. Itatag ang iyong buhay ng panalangin at pag-aayuno bago pa man dumating ang mga pagsubok.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Sino ang mayroon sa atin sa mundong ito kapag tayo ay dumaraan sa mga mahirap na panahon? Walang iba kundi ang Panginoon lamang; Siya lang ang umiibig sa atin at nagmamalasakit sa atin. Sa buhay na ito, maaring tayo ay humaharap sa mga suliranin at paghihirap sa iba't ibang uri: ang iba ay kinakaya natin ngunit ang iba ay mahirap kayanin o pamahalaan. Ang marangal na bagay na kailangan nating banggitin dito na sa lahat ng pagkakataon ay nais ng Diyos na parangalan natin Siya sa ating mga pagkilos, desisyon at pag-uugali. Kailangan nating higit na magtiwala sa Diyos, na natatanto natin na kahit sa mahihirap na kalagayan ay hindi dapat tayong matinag o makipagkompromiso at mawala ang ating dangal sapagkat kaya talaga tayong iligtas ng Diyos. Nais din ng Diyos sa atin na gawin ang mga bagay sa Kanyang mga paraan. Nais niyang matiyagang tayong maghintay ihayag kung sino Siya. Kapag kinuha natin ang Salita at tagubilin ng Diyos at huwag gawin ang ating pansarili, at sa gayon malinaw nating makikita ang layunin at ibibigya atin ang kaluwalhatian sa PANGINOON.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos ako'y lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa katuruan na aking natanggap mula sa iyong Salita ngayon. Panginoon salamat para sa iyong Salita sa akin, sapagkat binigyan mo ako ng pag-asa at niliwanagan ako sa katotohanan.*

*Magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Panginoon patawaran ako sa lahat ng aking mga kasalanan____________________. Panginoon itinatalaga ko ang aking sarili na huwag gumwa ng masama o maakit sa mga gawa ng mga gumagawa ng masama.*

*Panginoon itinatalaga ko ang aking sarili upang maghintay nang may pagtitiis sa iyo. Aking itinatalaga ang aking sarili upang tuparin ang lahat ng aking pananagutan. Panginoon ibinababa ko ang aking sarili sa iyong paanan, nguni't ako'y dukha at mapagkailangan; lumapit ka Panginoon upang iligtas ako huwag, oh aking Diyos, huwag kang magluwat,*

*Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatiran na itinalaga ang kanilang buhay sa iyo. Panginoon pagpalain sila ng pagtitiis at higit na bunga ng Banal na Espiritu na maghintay sa iyo hanggang ikaw ay lumapit sa kanila at iligtas sila mula sa kanilang mga pagsubok at sa kanilang mga kaaway. Tulungan mo sila Panginoon upang panatilihin sila upang masunod nila ang iyong Salita, tuparin ang Banal na Kasulatan at gawin ang iyong kalooban.*

*Panginoon ako'y nanalangin na tutulungan mo kami bilang isang simbahan upang maghintay nang may pagtitiis sa iyo at magkaroon ng pagtitiyaga sa pagharap sa lahat ng aming mga pagsubok at paghihirap. Panginoon iligtas kami mula sa sumusunod na kalagayan_________________________, Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu upang kami'y humayo at gawin ang iyong gawain at tuparin ang iyong kalooban hanggang sa panahon na ikaw ay dumating upang kunin kami. Panginoon protektahan sila mula sa gumagawa ng masama at sa mga kaaway mo na umuusig sa amin. Pangioon paging dapati kaming maabot ang mga bagong kaluluwa at magtanim ng bagong mga pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon kunin ang mensaheng ito at ipalaganap ito. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com